

Para kay Ginoong/Ginang/Binibini _____

Gabay para sa Suspek

Salaysay ng imbestigasyon

ひぎしゅ とりしら きろく
被疑者ノート 取調べの記録

na naganap mula sa ika- _____ araw ng buwan ng _____ ng taong _____
hanggang ika- _____ araw ng buwan ng _____ ng taong _____
(_____ 年 _____ 月 _____ 日から _____ 年 _____ 月 _____ 日まで)

Petsa: _____

年月日:

Abogado: _____

弁護士:

Mangyari po lamang na isalaysay niyo sa gabay na ito (“Gabay”) ang mga pangyayari habang kayo ay sumasailalim sa imbestigasyon at pagkatapos ay ibalik ang Gabay sa iyong abogado. Maraming salamat po.

このノートに、あなたが受けた取調べの様子を記録して、後日、私に返してください。

警察・検察の方へ

このノートは、弁護士が、接見の際に見ながら取調べ状況の説明を受けるとともに、後日返却を受け、弁護活動に役立てることを予定して、被疑者に差し入れ、記録を要請するものですので、その記録内容については、憲法に由来する秘密交通権の保障を受けます。

Sa pulis o piskal:

Ang Gabay na ito ang ibinigay namin sa suspek, at hiniling namin sa kanya na isalaysay dito ang mga pangyayari habang sumasailalim siya sa imbestigasyon. Ang Gabay na ito gagamitin ng suspek at ng kanyang abogado sa kanilang mga usapan tungkol sa imbestigasyon at, kung naibalik sa abogado, ay inaasahang makakatulong sa depensa ng suspek. Ang seguridad ng nilalaman ng Gabay ay pinoprotektahan ng saligang batas.

タガログ語

2012年12月版 Ihinayag ng Disyembre, taong 2012

Pederasyon ng mga Abogado ng Bansang Hapon

JABA 日本弁護士連合会

Gabay para sa Suspek

— Ang nilalaman —

■ Paraan ng pag-antala at paglilitis	2
■ Mahalagang payo tungkol sa imbestigasyon—Paghahanda sa imbestigasyon	4
Panimula	4
I Ang kaparaanan [mula pag-aresto hanggang magka-kaso]	4
II Ang kahalagaan ng pag-sangguni sa abogado	5
III Paghahanda para sa imbestigasyon.....	6
IV Payo sa pagsulat sa “Gabay para sa Suspek” ~“Ang Gabay para sa Suspek” ay makakatulong sa iyo	10
V Paraan ng pagsulat sa “Gabay para sa Suspek”	11
VI Paggamit ng “Gabay para sa Suspek”	12
VII Kapag nakaranas ka ng imbestigasyon na labag sa batas o taliwas sa tamang paraan	12
Huling payo—Mahalaga ang iyong paghahanda sa pag harap sa sitwasyon	13
■ Gabay para sa Suspek (Paki-tala dito ang inyong salaysay)	16~61

Proseso ng detensyon at paglilitis

Ipinapaliwanag dito tungkol sa proseso ng detensyon at ng paglilitis. Gawing reperensya ang explanatory text sa ibaba. Isulat din ang naging situwasyon sa iyong interview sa ispasyo sa ibaba.

Maari kang ilagay sa kustodiya ng polisa hanggang 72 na oras mula sa oras ng paghuli. Sa panahong ito, magpapasya ang tagausig kung mangangailangan kang ilagay pa sa kustodiya ng polisa (restraint claim). Kapag nagkaroon ng restraint claim, magpapasya ang hukom kung mangangailangan kang ilagay sa kustodiya matapos marinig nito ang iyong testimonio. Kapag hindi tinanggap ang hiling upang manatili ka sa kustodiya, ikaw ay makakalaya matapos nito.

Aresto	Araw 1	Araw 2	Araw 3
	/ ()	/ ()	/ ()
	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()

Pagkalaya

Bagama't sampung araw ang pagpapanatili sa kustodiya base sa batas, maaring mapahaba ito ng karagdagang hanggang sampung araw (karagdagang pagpigil) mangaring nag pasya ang hukom na mayroong sapat na dahilan (Maaring mapanatili sa kustodiya hanggang dalawampung araw).

detensyon

Araw 1	Araw 2	Araw 3
/ ()	/ ()	/ ()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()

Araw 4	Araw 5	Araw 6
/ ()	/ ()	/ ()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()

Araw 7	Araw 8	Araw 9
/ ()	/ ()	/ ()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()	<input type="checkbox"/> Walang interogasyon <input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon () <input type="checkbox"/> Namahalang Abogado () : ~ : <input type="checkbox"/> Taong kinausap () : ~ : <input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala () Bagay na ipinadala ()

Araw 10	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 1	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 2	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 3	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 4	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 5	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		


Araw 6	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 7	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 8	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 9	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		

Araw 10	/	()
<input type="checkbox"/> Walang interogasyon		
<input type="checkbox"/> Nagkarooang interogasyon ()		
<input type="checkbox"/> Namahalang Abogado ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Taong kinausap ()		
: ~ :		
<input type="checkbox"/> Padala Taong nagpadala ()		
Bagay na ipinadala ()		



Pagkalaya (di-uusig, pang samantalang paglaya)

*Sa kasong makitaan ng iba pang kasalanan, maari kano ikulong na muli.

Magpapasya ang tagausig kung sasailalim ka sa utos ng korte sa loob ng panahon na ibinigay ng hukom. Kapag nag pasyang di-uusig (hindi na sasailalim sa utos ng korte), maari ka nang makalaya.

Pagkalaya (Utos ng korte)

Kung ang kasalanan ay mababa kumpara sa karaniwan, at ang piyansa nito ay mas mababa pa sa 1,000,000 yen, maaring maganap ang utos ng korte sa dokumento lamang sa iyong pagpayag (buod na utos). Sa kasong ito, makakalaya ka kasabay ng buod na utos.

Pagpiyansa

Kapag mangyari kang na sampahan ng kaso habang nasa kustodiya ka ng polisy, maari kang pangsamantalang makalaya (piyansa). Ang hukom ang magpapasya kung pagbibigyan ang pagpiyansa. Mayroon din ditong mga kundisyon, at kailangan mong mag iwan piyansa pang seguridad (pangseguridad na deposito patunay na hindi ka magtatago at pangakong darating sa korte).

Pagkalaya (Kawalang-sala - Probasyon na Paglaya)

Mahahalagang payo tungkol sa imbestigasyon

—Paghahanda sa imbestigasyon—

Panimula

Maaring ikaw ay na-aresto at sumasailalim ngayon sa imbestigasyon, o kaya naman ay maaaring hindi ka inaresto nguni't ikaw ay kusang sasailalim sa interogasyon. Naaresto ka man o hindi, kung labis na mahigpit ang ginagawang interogasyon sa iyo, maaari mong maisip na “baka mas madali kung pirmahan ko na lang ang patotoong pagsaad ukol sa imbestigasyon, ayon sa sinasabi ng imbestigador” kahit hindi ka sang-ayon sa nilalaman ng pagsaad o hindi mo naiintindihan ito. Bagama't mas madali itong gawin, maaaring mauwi sa masama kung pipirma ka ng kasulatang hindi ka sang-ayon o hindi mo naiintindihan.

Basahin ng mabuti ang mga payo na nakasulat dito sa “Gabay para sa Suspek” (o “Gabay”) nang maiwasan ang pagsisisi sa huli.

I Ang kaparaanan [mula pag-aresto hanggang magka-kaso]

Ang mga sumusunod ay ang kaparaanan mula pag-aresto hanggang sa pagkaroon ng kaso. (Huwag kaligtaang basahin ang bahagi ng Gabay tungkol sa kaparaanan ng detensyon at pagkaroon ng kaso, na nasa ikalawa (2) at ikatlong (3) bahagi nito.)

1 Pag-aresto

Kapag ikaw ay naaresto, magsasagawa ng interogasyon ang pulis at, sa loob ng 48 oras, ipapadala sa piskal o imbestigador ang iyong kaso. Ang piskal naman ang magsasagawa ng simpleng interogasyon sa loob ng 24 oras at, kapag napagpasyahan ng piskal na kailangan kang manatili sa himpilan ng mga awtoridad, hihingi ito ng pahintulot sa hukom para sa iyong detensyon upang hindi ka muna makalaya.

Kapag nagpasya naman ang piskal na hindi ito kailangan, maaari ka nang makalaya.

2 Detensyon sa himpilan ng mga awtoridad

Kapag humiling ang piskal na ikaw ay sumailalim sa detensyon, magpapasya ang hukom kung kailangan ito.

Kapag napagpasiyahan ng hukom na kailangan kang sumailalim sa detensyon, pansamantala kang mawawalan ng kalayaan ng sampung (10) araw mula sa araw ng pagpasiya. Kung, sa palagay ng piskal, kulang pa ang ebidensiyang nakalap sa iyo, maari siyang humiling ng karagdagang

sampung (10) araw para manatili ka sa detensyon.

Habang ikaw ay nasa detensyon, sasailalim ka sa interogasyon (o “pakikipagusap”) ng pulis o piskal (na tatawagin natin dito na “imbestigador”).

Kung hindi pumayag ang hukom sa iyong detensyon, maaari ka nang makalaya.

3 Pagkaroon ng kaso

Kung natapos ang imbestigasyon habang ikaw ay nasa detensyon, magpapasya ang piskal kung sasampahan ka ng kasong kriminal (tinatawag na “Kiso”) o hindi (tinatawag na “Fukiso”).

Sakaling sinampahan ka ng kaso, sasailalim ka sa paglilitis sa korte.

★Piyansa

Sakaling makasuhan, ang karamihan ay nananali sa detensyon; subalit, kapag nabigyan ka ng pagkakataong mag-piyansa, at kung susunod ka sa mga kundisyong itinalaga sa pagpipiyansa, maaari kang makalaya ng pansamantala habang naghihintay ng hatol ng korte. Ang “piyansa” ay isang sistema kung saan, kapag napagpasyahan ng korte (hukom) na walang panganib na tatakas ka o sisira ka ng ebidensya, pinapayagan kang bumalik sa lipunan matapos magbayad ng seguridad pampiyansa.

II Ang kahalagaan ng pag-sangguni sa abogado

1 Mahalagang sumangguni sa abogado

~Tumawag ng abogado kapag may problema~

Maaring makaramdam ka ng pagkaalinlangan at pagkagulo ng isip habang sumasailalim ka sa imbestigasyon. O kaya naman, maaaring mamroblema ka dahil hindi ka sang-ayon sa naisulat sa “patotoong pagsaad” (tinatawag na “Kyojutsu Chosho”) nguni’t pipilitin ka ng imbestigador na pumirma nito. Sa ganitong panahon, sumangguni muna sa abogado bago pumirma o tatakan ang dokumento. Sa mga panahon naman na nakaranas ka ng imbestigasyon na labag sa batas o taliwas sa tamang paraan, maari kang mag-dalawang isip na ipaalam ito sa abogado sa takot na makaranas ka ng panggigipit mula sa imbestigador. Nguni’t, sa mga panahong ito, mas kailangan mong sabihin sa abogado ang mga pangyayaring ito sa mas lalong madaling panahon. (Ang mga bagay na dapat pagtuunan ng pansin ay nakasaad rin sa pangatlo (3) hanggang pampitong (7) bahagi ng Gabay na ito. Basahin ito ng mabuti, at huwag mag alinlangang magtanong sa abogado kapag may hindi maunawaan.)

Kapag gusto mong humingi ng payo sa abogado, kahit kasalukuyan kang sumasailalim sa interogasyon, ipaalam agad na gusto mong makipag-usap sa abogado (tinatawag na “sekken”), at humiling na tawagan nila ito. Ayon sa isang abiso ng gobyernong Hapon, obligasyon ng imbestigador na tumawag ng abogado para sa isang suspek na humiling na makipag-usap sa abogado.

2 Karapatang makipagusap ng kompidensyal sa abogado

~Hindi mo kailangang ipagbigay-alam ang napagusapan ninyo ng iyong abogado~

Madalas sa imbestigasyon, magtatanong ang imbestigador tungkol sa pinag-usapan ninyo ng abogado at kung anong payo ang ibinigay. Nguni't, kahit na magtanong ang imbestigador, hindi mo kailangang ipaalam ang kahit anong bagay ng napagusapan ninyo ng iyong abogado.

Ito ay dahil sa proteksyon mula sa isang batas na nagbibigay ng karapatang makipagkita at makipag-usap sa abogado ng kompidensyal.

Ito ay pinoprotektahan din ng seksyon 1, artikulo 39 ng Kodigo ukol sa Proseso ng mga Kasong Kriminal ng Bansang Hapon.

3 Hindi mo kailangang ipakita ang “Gabay para sa Suspek”

Hinihiling namin na kumpletuhin mo ang Gabay na ito upang magkaroon ng batayan tungkol sa imbestigasyon, na maaaring gagamitin ng iyong abogado habang nakikinig sa iyong mga paliwanag ukol sa imbestigasyon, at maaaring makatulong sa iyong depensa, kung ito'y iyong mabubuo at mababalik sa iyong abogado. Ang Gabay na ito ay mahalaga para sa iyo.

Kahit na hilingin ng imbestigador na makita ang Gabay, wala kang ano mang obligasyon na ipakita ito dahil pinoprotektahan ka ng karapatang makipag-usap sa abogado ng kompidensyal. Sa katunayan, ipinagbabawal ang ihiling sa iyo na ipaalam sa imbestigador ang napag-usapan ninyo ng iyong abogado. Sakaling mamimilit ang imbestigador, or subukan niyang makita ang nilalaman ng Gabay ito kahit hindi ka pumayag, isumbong mo ito kaagad sa iyong abogado.

III Paghahanda sa imbestigasyon

1 Basahin ng mabuti ang “Paghahanda” na ito

Sasailalim ka sa interogasyon habang ikaw ay nasa detensyon.

Mahalagang malaman kung paano dapat sumagot habang kinakausap ka ng imbestigador. Kaya't basahing mabuti ang “Paghahanda” na ito.

2 Maari kang hindi magsalita~Karapatan upang manatiling tahimik~

Mayroong karapatang manatiling tahimik sapagka't, ayon sa seksyon 1, artikulo 38 ng Saligang Batas ng Bansang Hapon, “hindi maaring pilitin ang sino man na tumestigo laban sa kanyang sarili.” Bukod dito, nakasaad sa seksyon 1, artikulo 198 ng Kodigo ukol sa Proseso ng mga Kasong Kriminal na “ang suspek ay kailangan masabihan na mayroon siyang karapatang hindi tumestigo laban sa sarili” bago siya kausapin ng imbestigador ukol sa kaso. Sa makatuwid, maari kang manatiling tahimik sa buong panahon ng imbestigasyon, o sumagot lamang sa mga tanong na nais mong sagutin at hindi sumagot sa hindi mo nais sagutin. Nagkaroon ng “karapatang manatili ng tahimik” dahil sa kapangyarihan ng gobyerno, na maaaring gamitin upang pilitin ang isang taong walang kasalanan na umamin sa isang bagay na hindi niya ginawa. Ito any ipinapatupad ng mga makabagong estado.

Hindi ka maaaring ipitin ng mga awtoridad dahil sa paggamit ng iyong karapatang manatili ng tahimik, kaya't huwag mag-alala kung hindi ka sasagot sa kanilang mga katanungan.

3 Intindihing mabuti kung ano ang nangyayari

Sa iyong kaso, isasagawa ang imbestigasyon kasama ang tagapagsalin sa wikang Hapon mula sa wikang Filipino. Kapag hindi mo maintindihan ang sinasabi ng tagapagsalin, tanunging mabuti ang tagapagsalin hanggang maintindihan mo ito. Maging maingat at huwag sumangayon sa bagay na hindi mo naintindihan. Bukod dito, kung sa tingin mo ay hindi ka naintindihan ng mabuti ng tagapagsalin, ipahayag muli ang iyong sagot hanggang maintindihan ka. Kung sakaling hindi mo pa rin maintindihan o hindi ka pa rin maintindihan pagkatapos ulitin ang pahayag, mas mabuting hindi ka na lang muna magsalita.

4 Huwag basta-bastang sumangayon sa salaysay na gawa ng imbestigador

Ang iyong mga pahayag sa harap ng imbestigador ay tinatawag na “Kyojutsu” (“mga pahayag”). Isasalin ng imbestigador ang iyong mga pahayag, at ang pagsalin na iyon ang tinatawag nilang “Kyojutsu Chosho” (o “kasulatan ng mga pahayag”).

Tandaan, na ang Kyojutsu Chosho na gawa ng imbestigador ay maaaring hindi sangayon sa iyong mga pahayag. Ito ay buod lamang na ginawa ng imbestigador, base sa kanyang sariling pagkakaintindi. Maaring maghalo ang sinabi mo at ang pagkakaintindi lamang ng imbestigador, at hindi na matukoy kung hanggang saan at alin ba ang iyong sinabi at alin ang galing lamang ng imbestigador. Dahil hindi pinapayagan ng batas ang pagsama ng abogado sa imbestigasyon dito sa Japan, at hindi rin ito kinukuhanan ng video o audio recording, walang paraan para alamin sa huli kung sino ang nagsabi ng ano.

Ang Kyojutsu Chosho ay ituturing na “evidensya” sa iyong kaso. Kapag ginamit ang Kyojutsu Chosho sa korte bilang “evidensya”, malamang na ang resulta ng kaso ay magiging batay sa Kyojutsu Chosho. Kahit na sabihin mo sa korte na “sa katunayan, mali ang nakasulat sa Kyojutsu Chosho”, mahirap nang maniwala ang hukom sa iyo.

Maging maingat kapag ang imbestigador ang gumawa ng Kyojutsu Chosho.

5 Hindi mo kailangang pumirma o tatakan kahit hiniling ito sa iyo

~Pag-tanggi sa pag-pirma o pag-tatak~

Wala kang obligasyong pumirma o tatakan ang Kyojutsu Chosho.

Nakasaad ng malinaw sa seksyon 5, artikulo 198 ng Kodigo ukol sa Proseso ng mga Kasong Kriminal, “Maaring hilingin sa suspek na pumirma o tatakan ang Kyojutsu Chosho kung sumang-ayon ang suspek na tama ang nilalaman nito; nguni't walang obligasyon ang suspek na pumirma o tatakan ito.” Mayroon kang karapatang hindi pumirma o mag-tatak sa dokumento.

Kahit na tama ang nakasulat sa Kyojutsu Chosho batay sa pahayag mo, wala kang obligasyong pumirma o tatakan ito. Kapag naramdaman mong iba ang naisulat sa sinabi mo o may naisulat na wala sa nasabi mo, mas lalong wala kang obligasyon na pumirma o tatakan sa nasabing dokumento.

Kapag hindi ka marunong magbasa ng Hapon, tatanungin ka kung tama ang lahat ng nilalaman ng salaysay matapos basahin ng imbestigador ang salaysay at isalin ito ng tagapagsalin. Nguni't, maaring magkamali ng pagsalin ang tagapagsalin, o maging mabilis ang pananalita ng tagapagsalin, o kaya naman maaring pagod ka na sa ilang araw na imbestigasyon at magkamali ka ng pagkaintindi o maaring hindi mo marinig ang ilang sa babanggitin.

Kapag hindi mo maintindihan ng mabuti ang salaysay, o may katanungan ka sa nilalaman nito, humiling na basahin uli ito ng kahit na ilang beses. Kapag hindi mo pa rin maintindihan ang nilalaman nito, sapagka't mayroon kang karapatang tumanggi sa pag pirma ng salaysay, maari kang tumanggi sa pag pirma o sa pag-tatak.

6 Suriing mabuti ng maraming beses ang Kyojutsu Chosho

~Suriin ang nilalaman ng salaysay ng kahit na ilang beses~

Sa oras na pumirma o mag-tatak ka sa Kyojutsu Chosho, isinasaad mo na ang nilalaman nito ay ang katotohanan. Sa makatuwid, importanteng suriing mabuti ang nilalaman ng Kyojutsu Chosho bago pumirma o mag-tatak. Mag-ingat ng mabuti dahil, kapag napirmahan o natatakan ito, kahit na hindi katotohanan ang nilalaman at kahit na sabihin mo sa korte na “hindi totoo ang nakasulat”, maaring hindi na tanggapin ang iyong sasabihin. Kahit na sa tingin mong maliit na pagkakaiba lamang any mayroon dito, baka malaking bagay ito pagdating sa korte.

Matapos gawin ang Kyojutsu Chosho, magkakaroon ng pagsusuri ng nilalaman nito at pinapayagan na basahin na lamang ang nilalaman nito bilang paraan ng pagsusuri.

Nguni't, mayroong posibilidad na magkamali ka ng pagkarinig dahil masyadong mabilis magsalita ang imbestigador, o dala ng pagod. Kung pinagiisipan mong pumirma o mag-tatak sa dokumento, sabihin mo sa imbestigador na nais mong basahin ang nilalaman at tiyakin na naintindihan ang nilalaman ng Kyojutsu Chosho.

Kapag tumanggi rito ang imbestigador, maari kang tumanggi na pumirma o mag-tatak sa salaysay dahil mayroon kang karapatang tumanggi.

7 Humiling na itama ang maling bahagi ng Kyojutsu Chosho

~Maaring hilingin na itama ito (karapatang upang baguhin o itama ang nilalaman ng Kyojutsu Chosho) ~

Mayroon kang karapatang ipatama ang nilalaman ng Kyojutsu Chosho.

Nakasaad sa seksyon 4, artikulo 198 [ng Kodigo ukol sa Proseso ng mga Kasong Kriminal] na, matapos gawin ng imbestigador ang Kyojutsu Chosho, “kailangan ipabasa o kaya naman iparinig sa suspek ang nilalaman ng dokumento, tanungin kung tama ang nakasulat, at kailangan pakinggan ang hiling ng suspek kung humiling na baguhin, dagdagan o bawasan ang nilalaman” (karapatan upang baguhin o itama ang nilalaman ng dokumento).

Kung sakaling mayroon lamang maling bahagi na nais mong ipabago, at tama ang lahat ng nilalaman bukod dito, sabihin ito at hilingin na ipabago (pero kahit hiniling mong ipatama ang nilalaman, tandaan na wala ka pa ring obligasyong pumirma dito o tatakan).

Kapag isang bahagi lamang ang ipinabago mo, maaring isipin ng imbestigador na sumasang-ayon ka sa ibang bahagi ng dokumento bukod dito. Kapag humiling ka na ipabago ang isang bahagi nguni't hindi ka pa rin sigurado tungkol sa Kyojutsu Chosho, pinapayo namin na tumanggi ka sa pag-pirma o pag-tatak sa kabuuhan o kahit anong bahagi ng Kyojutsu Chosho, at makipag-usap ka sa iyong abogado.

Bukod dito, maaring tanggihan ng imbestigador ang hiling mong baguhin ang nilalaman ng dokumento. Kung mangyari ito, tumangging pumirma o mag-tatak.

8 Babala sa video at audio recording

(1) Ipaalam ito sa abogado kung merong video o audio recording ng imbestigasyon.

Posibleng magkaroon ng video o audio recording ang imbestigasyon.

Kung nagkaroon ng video o audio recording ang imbestigasyon (o kaya'y sinabi sa iyo na magkakaroon ng video o audio recording), ipaalam ito agad sa abogado.

(2) Ano ang gagawin kung may video o audio recording

May karapatan kang manatiling tahimik kahit isinasagawa ang video o audio recording. Nasa sa iyo kung gusto mong mag salita o hindi.

Kung pinili mong magsalita, mahalagang ipahayag ang katotohanan ng tama batay sa iyong naaalala at pagkakaintindi. Bukod dito, kung umamin ka kahit hindi ikaw ang gumawa ng krimen, ipaliwanag kung bakit ka umamin.

Kahit na mayroon pang video o audio recording, makipag-usap ka at humingi ka ng payo sa iyong abogado kung magsasalita ka; kung gagamitin ang karapatang manatiling tahimik o, kung hindi man gagamitin ang karapatang ito, kung ano ang iyong sasabihin.

9 Iba pang katanungan

Q1 Ano ang pagkakaiba ng “Piskal” at “Pulis”?

A1 Ang pulis ay naatasang alamin, mula sa iyo o sa mga ibang tao, ang mga pangyayari at detalye tungkol sa krimen. Sa kabilang banda, ang piskal ay naatasan ding alamin ang mga pangyayari at maghanap ng ebidensya, nguni't siya ay may kakayahang magpasya kung magkakaroon ng kaso o hindi.

Ang pulis ay walang kakayahang kasuhan o palayain ka sa pagka-antala. Kahit na sabihan ka na papalayain ka kapag nagsalita ka, mag-ingat at huwag maniwala dito sapagka't wala silang kakayahang gawin ito. Bukod pa dito, kahit piskal pa ang magsabi na magsalita ka na para palayain ka na, huwag din agad-agad maniwala dahil walang kasiguruhan na tutuparin ito.

Q2 Hanggang kailan tatagal ang imbestigasyon?

A2 Hindi hihigit sa dalawampu't tatlong (23) araw.

Matapos kang arestuhin, sa karaniwan ay tatagal ng isa o dalawa, hanggang tatlong araw bago magpasya ang hukom kung ipagpapatuloy ang iyong pagkaka-aantala sa detensyon.

Kung magpasya ang hukom na ipagpapatuloy ang pag-aantala, madadagdagan ng sampung (10)

araw ang iyong pag-aantala. Maaari pang magpasiya muli ang hukom na kailangan pa ng mas matagal na panahon, at dagdagan muli ang iyong pag-antala ng karagdagang sampung (10) araw. Kaya't ang panahon na kakausapin ka ng pulis at ng piskal ay maaring tumagal ng hanggang dalawangpu't tatlong (23) araw.

Q3 Paano kung hindi ko masyado matandaan ang pangyayari sa kaso?

A3 Para sa mga bagay na hindi mo maalala, sabihin mo ng malinaw ang “hindi ko maalala”. Kapag hindi malinaw ang iyong pagkakasabi, maaaring sabihin ng pulis o piskal na “hindi ba ganito ang nangyari?” o “sinabi ni XXX, ito ang nangyari” para ipaalala sa iyo. Nguni't, kung talagang hindi mo matandaan, huwag kang magpadala sa mga imbestigador na gumawa ng pahayag tungkol sa nangyari. Magsabing “hindi ko alam” kung hindi mo alam ang sagot. Kung mamimilit ang imbestigador na ipaalala sa iyo, gamitin mo ang karapatang manatiling tahimik.

**IV Payo sa pagsulat sa “Gabay para sa Suspek”
~Ang “Gabay para sa Suspek” ay makakatulong sa iyo**

1 Magiging mas mahirap na gawin ang maling paraan ng imbestigasyon

Kung ikaw mismo ang magtatala tungkol sa mga pangyayari habang sumasailalim ka sa imbestigasyon, marahil mahihirapan ang imbestigador na gawin ang imbestigasyon sa maling paraan.

2 Makakatulong ito sa abogado

Mas madaling maiintindihan ng iyong abogado ang mga naganap sa pagi-imbistiga sa iyo kung mababasa niya ang mga insinulat mo sa Gabay habang nag-uusap o nagkikita kayo.

3 Makakatulong ito sa pagpapaunawa sa iyo ng iyong mga karapatan

Makakatulong ito sa pagpapaunawa ng iyong mga karapatan (tulad ng karapata na manatili ng tahimik, karapatang tumanggi sa pagpirma o pag-tatak, at karapatang humiling na itama (dagdagan, bawasan o palitan) ang maling pahayag; makakatulong rin ito sa mga imbestigasyon haharapin mo dahil mababalikan mo ang dati mong mga kasagutan.

4 Magiging karagdagang dokumento ito sa korte

Kung sakaling magkaroon ng kuwestyon o problema sa mga naganap sa imbestigasyon, mas madaling ipaliwanag ang mga naganap kung nakatala ito sa Gabay.

5 Maaari itong magpalakas ng iyong loob

Ang pagsusulat sa Gabayay maaring makatulong sa iyo na kayanin ang mahigpit na imbestigasyon.

V Paraan ng pagsusulat sa “Gabay para sa Suspek”

1 Maaari kang bumili o manghiram ng mga kagamitang panulat.

Maaari kang bumili ng kagamitang panulat o humiram nito. (Huwag gumamit ng lapis. Gumamit lamang ng bolpen.)

2 Hindi kailangang tutukan masyado ang bawat bagay na nakasaad dito.

Ang Gabay ay isinaayos upang makalap mula sa iyo ang mga impormasyong kailangang maitala para sa paglilitis at depensa. Sagutin ito na parang survey. Kapag mayroong hindi mo maintindihan, magtanong lamang sa iyong abogado. Huwag mong alalahanin ang iyong isasagot sa bawat bahagi ng Gabay. Ang mahalaga ay ang paglahad ng mga pangyayari sa bawat panayam ng imbestigasyon sa mga itinalagang puwang para sa iyong salaysay -- hindi dapat gawing problema ang pag-kumpleto ng bawat bahagi.

3 Isulat lamang ang totoong pangyayari sa imbestigasyon

Isulat lamang sa Gabayang katotohanan tungkol sa imbestigasyon. Huwag dagdagan ang mga pangyayari.

4 Isulat habang malinaw pa ang memorya

Maaring pagod na pagod ka pagkatapos ng imbestigasyon, nguni't mas makakabuti kung makapagsulat ka tungkol sa mga pangyayari sa lalong madaling panahon. Kung hindi na kayang magsulat sa araw ng imbestigasyon, piliting makapagsulat agad kinabukasan.

5 Isulat ang tamang petsa sa bawat pahina at pirmahan ito

Ang “Gabay para sa Suspek” ay ginawa para maisulat mo ang iyong mga sagot sa dalawang magkasunod na pahina bawat araw. Kapag natapos mo na ang pagsulat para sa isang araw ng imbestigasyon, isulat ang petsa sa puwang sa may ibabang-kanang bahagi ng papel (maaring hindi ito kapareho ng araw ng imbestigasyon). Matapos isulat ang petsa, iwasang dagdagan ang nilalaman ng mga pahina para sa araw na yon. Ito ay para maiwasan ang hinalang binago mo ang nilalaman ng Gabay.

Kung sakaling may mga bagay kang maaalala sa mga sumusunod na araw, isulat lamang ito sa pahinang nakatalaga para sa araw ng iyong pagkaka-alala. Halimbawa, “Naalala kong may nangyaring XXX sa imbestigasyon na naganap noong _____ (petsa).”

VI Paggamit ng “Gabay para sa Suspek”

1 Dalhin ito sa kuwarto kung saan makikipagkita ka sa abogado

Kapag makikipagkita ka sa abogado, dalhin ito at ipakita habang ipinapahayag mo ang mga pangyayari sa imbestigasyon.

2 Ibalik ito pagkatapos

Ibalik ang “Gabay para sa Suspek” sa iyong abogado para magamit ito sa pagtanggol sa iyo.

VII Kapag nakaranas ka ng imbestigasyon na labag sa batas o taliwas sa tamang paraan

1 Kapag nakaranas ng imbestigasyon na labag sa batas o taliwas sa tamang paraan

Makipag-usap kaagad sa abogado kung ikaw ay nakaranas ng imbestigasyon na labag sa batas o taliwas sa tamang paraan. Obligasyon ng abogado ang maging kakampi mo at ipagtanggol ang iyong karapatan.

Makakayanang gawin ng abogado ang lahat para ipagtanggol ang iyong karapatan batay sa batas kung mailapit agad ito sa abogado, tulad ng makipaglaban sa mga pulis o piskal. Ang paraan upang magkapagreklamo ay nakalahad sa mga sumusunod na bahagi ng Gabay na ito.

Mangyaring isulat sa Gabay ang bawat detalye ng mga naganap sa imbestigasyon, ayon sa mga pangyayari.

2 Pag-akyat ng reklamo laban sa pulis

Mayroong “Tuntunin ng Pagpapatnubay para sa Tamang Imbestigasyon ng mga Suspek”. Sa tuntunin na ito, may nakalistang pitong “gawain na kailangan ng patnubay” dahil sa panganib na mauwi ang mga ito sa maling paraan ng pag-iimbestiga. Liban pa dito, kapag nakita ng tagapag-bantay ng imbestigasyon na may naganap na gawain na kailangan ng patnubay, nakasaad sa tuntunin na maaring itigil ng pangsamantala ang imbestigasyon. Kapag nakatanggap ang pulisya ng reklamo tungkol sa isang imbestigasyon, kailangan ipaalam ng pulisya sa tagapag-bantay ng imbestigasyon ang tungkol sa reklamo; kung mayroong sapat na ebidensya na may nangyaring “gawain na kailangan ng patnubay”, kailangang ng hepe ng pulisya na ipa-imbestiga kung may nangyaring ganito:

- ① Hindi maiwasang paghawak sa katawan
- ② Paggamit ng pisikal na puwersa, tahas man o hindi
- ③ Paggamit ng mga salita o mga gawain para mabalisa o matakot ang suspek
- ④ Pagpilit sa suspek na hindi gumalaw, o gumawa ng isang bagay, na hindi ayon sa nararapat
- ⑤ Pagbigay, pagalok or pangbigay ng pangako ng kaginhawahan

- ⑥ Pagsalita o paggawa ng mga bagay na lubos na nakakasira sa dignidad ng isang tao
- ⑦ Paggawa ng mga sumusunod na bagay na walang pahintulot ng Tenyente Heneral ng Keishicho (Metropolitan Police), Hepe ng Dofuken Keisatsu Hombu (Prefectural Police Headquarters), Hepe ng Homen Hombu (Area Headquarters), o Hepe ng istasyon ng pulis:
 - A Pagsasagawa ng interogasyon sa pagitan ng alas diyas ng gabi (10:00 PM) hanggang alas singko ng umaga (5:00 AM) kinabukasan
 - B Pagsasagawa ng interogasyon ng mahigit walong oras sa loob ng isang araw

Maaring magsampa ng reklamo kahit sa mga bagay na hindi nakasulat dito. Mangyaring makipag-usap sa iyong abogado tungkol dito.

3 Pag-apila ng reklamo laban sa imbestigador

Ang pinakamataas na opisyal ng nga piskal ay may tuntunin “ukol sa mga reklamo tungkol sa pagpapanayam at mga tugon sa mga ito”. Nakasaad sa tuntunin ang paraan ng pagtugon sa mga reklamo ng mga akusado at abogado tungkol sa paraan ng pagpapanayam ng piskal sa akusado.

Huling payo

—Mahalaga ang iyong paghahanda sa pagharap sa situwasyon

Dito natatapos ang aming mga payo tungkol sa tamang paghanda at sa iyong karapatan habang sumasailalim sa imbestigasyon. Mayroon kang karapatang manatiling tahimik (III-2 ng Gabay). Mayroon kang karapatang tumanggi sa pagpirma at pag-tatak ng dokumento (III-5 ng Gabay). Mayroon kang karapatang humiling na baguhin, dagdagan o bawasan ang nilalaman (III-7 ng Gabay).

Nguni’t kahit alam mo pa ang mga ito, hindi madaling gamitin ang mga karapatan na ito. Mahirap ang manatiling tahimik sa buong panahon ng imbestigasyon. Hindi rin kaya ng karaniwang tao ang magpatuloy na tanggihan ang pagpirma o pag-tatak sa Kyojutsu Chosho kung paulit-ulit na pinipilit ng imbestigador. Madali man ang hilingin na itama ang nakasulat kung ito ay maliit na detalye lamang, hindi madaling magpapalit ang mga mahahalagang bagay at hindi ito basta-bastang papakinggan. Kung hindi ka makinig sa imbestigador, maaring pagsabihan ka ng kung anu-ano at puwersahin ka sa pamamagitan ng iba’t-ibang paraan. Kakailanganin mong sumailalim sa ganito klaseng imbestigasyon ng madaming oras sa isang araw, at hanggang dalawampu’t tatlong (23) araw. Kumpara rito, isang beses lang sa isang araw mo makikita ang iyong abogado, at isang oras lamang sa isang araw, kahit na malubha ang iyong kaso. Kahit na magkaroon ka ng abogado, may mga panahon na hindi ka maaring samahan ng abogado. Sa madaling sabi, napakahirap para sa iyo na gamitin ang iyong karapatan habang ikaw ay nag-iisa.

Ang pag-unawa sa mga payo na nakasulat sa Gabay ay hindi maiintindihan sa isang pagbasa lamang. Basahin ito ng paulit-ulit. May isang suspek ay nagbasa nitong “Gabay para sa Suspek” tuwing umaga, kasama ang kanyang isinulat, bago sumabak sa imbestigasyon. Nguni’t kahit malakas ang loob niya, matindi pa rin ang nararanasang pagod sa bawat araw sa kagustuhang maitala ng tama ang kanyang

panayam sa Kyojutsu Chosho.

Kung maitala sana ang buong pangyayari sa imbestigasyon gamit ang video recording, maaaring maiiwasan ang maling paraan ng imbestigasyon. May mangyari man na hindi tama, madali sana naming malalaman ito kapag napanood na namin ang video. Nguni't sa kasalukuyan, hindi pumapayag ang mga imbestigador, ayon sana sa hiling ng mga abogado na ipatupad ang paglalandad ng paraan ng imbestigasyon (at may malaking kaibahan ang video recording ng isang bahagi ng imbestigasyon at ang "paglalandad ng paraan ng imbestigasyon"). Kaya't wala nang ibang paraan kung hindi ang pagintindi ng mabuti sa iyong mga karapatan at na mahirap gamitin ang mga ito, at ang paggamit ng iyong karapatan upang manaig sa imbestigasyon.

Tiyak na tutulungan ka ng iyong abogado, nguni't ang pinakamahalaga ay ang iyong paghahanda sa iyong sarili.

Gabay Para Sa Suspek

取調日(月/日/年)

1. Petsa ng imbestigasyon (Buwan/Araw/Taon) _____ / _____ / _____

時間 開始時間 終了時間

Oras Simula : Tapos :

Simula : Tapos :

Simula : Tapos :

場所 警察署 検察庁

Lugar Himpilan ng Pulisya Opisina ng Pamublikong Tagausig

取調官(警察官, 検察官)の氏名

Pangalan ng tagatanong (Opisyal ng Pulisya, Tagausig)

(1) _____ (2) _____

取調べについて

2. Detalye ng imbestigasyon

黙秘権の告知はありましたか なし 覚えていない あり

(1) Nasabihan ka ba tungkol sa karapatan mo upang manatiling tahimik? Hindi Hindi matandaan Meron

録画はなされましたか なし あり

(2) Kumuha ba ng video ang tagatanong? Hindi Meron

暴行や脅迫はありましたか なし あり

(3) Nakaranas ka ba ng pampisikal na abuso o banta? Hindi Meron

((3)が有りの場合)具体的に書いてください

(Sakaling oo ang sagot sa (3)) Mangyaring magbigay ng detalye. _____

印象に残った取調官の言葉等があれば書いてください

(4) Mangyaring ilagay lamang kung mayroong mga bagay na natatandaan mong nasabi ng tagatanong.

弁護人について何か言われたことがあれば書いてください

(5) Nagtanong ba ang tagatanong tungkol sa iyong abogado? Ano ang mga tinanong?

通訳について

3. Tungkol sa tagapagsalin

通訳人の通訳する言葉は分かりましたか

Naintindihan mo ba ang mga sinabi ng tagapagsalin?

分かった 分からないところがあった 分からなかった
 Naintindihan Mayroon mga parteng hindi naintindihan Hindi naintindihan

取調事項について

4. Detalye ng interview

どのような事項について取調べを受けましたか

(1) Ano-ano ang mga tinanong? 身上関係 動機
 Personal na kasaysayan Motibo
 犯行状況 共犯関係 その他
 Detalye ng krimen Mga kasabwat Iba pa

具体的に書いてください

(2) Mangyaring isulat ang detalye ng mga tanong.

あなたの対応について

5. Inyong Tugon

あなたはどのような供述をしましたか

黙秘

否認

一部否認

自白

- (1) Ano ang inyong tugon Pagkawalag-imik Pagkaila Pagamin sa isang banda Pag-amin

具体的に書いてください

- (2) Manyaring mag bigay ng detalye.

供述調書について

6. Tungkol sa written testament

取調官は調書の文面を作成しましたか

- (1) Gumawa ba ng written testament ang tagatanong?

メモのみ

作成終了

- Talaan lamang → Dumerecho sa 7. Gumawa ng dokumento → Dumerecho sa (2).

調書の読み聞かせはありましたか

なし

あり

- (2) Binasa ba sa iyo ang dokumento na ito? Hindi Oo

あなたが供述したとおりに調書は作成されましたか

- (3) Naayon ba sa mga testamento mo ang nagawang kasulatan?

供述のとおりではない

分からない

供述のとおりだと思う

- Hindi naayon Hindi ko alam Sa palagay ko ay naayon

訂正の申入れをしましたか

- (4) Humingi ka ba ng kahit na anong pagwasto sa kasulatan?

訂正に応じてくれない

申し入れていない

訂正に応じた

- Hindi tinanggap ang hiling Hindi humiling Tinanggap ang hiling

調書への署名をしましたか?

拒否

応じた

- (5) Pumirma ka ba sa kasulatan? Hindi Oo

取調べについてあなたが思ったこと、感じたことを書いてください

7. Ano ang masasabi mo sa interview? Mayroon ka bang pagkabahala?

弁護人はあなたの正当な権利利益を守る立場で活動します。また、守秘義務がありますから、秘密が漏れることはありません。

*1 Ang iyong abogado ay iyong kakampi. Lahat ng detalye ng pag-uusap ay mahigpit na kumpidensyal.

黙秘権が保障されていますので、取調官から供述を迫られても供述を拒否できます(憲法第38条第1項)。

